# Paano Maging Masipag ang Atin Kapatiran?

VM Hermenegildo F. Estrella, Ama, PM

Bilang tugon sa inyo (sa aking palagay lamang) ang dapat nating sikapin, gaya ng mga sumusunod:

Una, bumuo tayo ng isang Lupon (Comite) na pangungunahan ng 3-ilaw ng Masoneria (Ven. Maestro, Primer Vigilante at Segundo Vigilante;

Ikalawa, minsan o makalawa sa bawat buan, dalawin o kumustahin ang mga natutulog (dormientes) na mga kasapi sa kanikanilang mga tahanan;

Ikatlo, upang dalawin din at aliwin ang bawat kasapi mayroon sakit na nasa Hospital o kanikanilang tahanan;

Ikapat, upang, kung sakali't mamatay, pilitin natin na lahat ng mga kasapi ay dumalo o sumama sa libing;

Ikalima, upang ang ating pararangalan sa ating tunay at tapat na kasapi na gagamitan ng parangal o "ceremonias" ay gawing hayag sa madla (publico) na ang dapat gamitin ang wikang sarili o Pilipino;

Ikanim, upang ihayag natin sa madla na tayong mga Mason ay kumikilala sa isang Dakila at Makapangyarihang Diyos na Lumikha ng Sanglibutan na dili't iba kungdi ang iisang Diyos na ang 90 por ciento pilipino ay sumasampalataya sa Kaniya;

Ikapito, upang ipakilala natin sa madla o sa Bayan na ang mga Mason o ang Masoneria ay hindi isang pangkat ng Religion o pangkat ng mga politico;

Ikawalo, upang ipakilala din natin na hindi maaari masapi sa Samahan ng mga Mason ang isang tao na hindi kumikilala sa Diyos sapagkat ang Masoneria ay bago magsimula at magtapos ng pulong ay dumadalangin sa iisang Diyos o Bathala na lumikha ng Daigdig sa harap ng Biblia na siyang dakilang batayan sa paggawa at pagkilos sa kanilang mga gawain na napapailalim sa mga sagisag ng isang "ESCUALA" at "COMPAS;"

Ikasiyam, ipakilala rin naman na ang bawat Mason ay kumikilala sa mabubuting gawain at adhikain ng mga mababait na CRISTIANO; at

Ikasampu, upang ipakilala rin na ang bawat Mason ay isang Malayang Manggagawa sa Kapayapaan, Kabanalan, Karangalan sa buong Sanglibutan, at maipahayag din naman na siya—ang Mason,—ay isang ulirang magulang, asawa at kapatid at isang mabuti at tahimik na mamamayan na mayroong malayang kaisipan sa ikasusulong at ikatatahimik ng tinubuang lupa o ng Sanglibutan.

## PAALA-ALA

Sa ganitong paalaala, maaaring makaalis sa sinomang kasapi na matapos sa pagsubok o makaraan o makarating sa "grado tercero" o maging "master Mason" na o matapos na ang ilang buwan pagdalo sa pulong ay magsisimula na sa pagtatahimik o magiging "dormiente" na o hanggang sa makalimot. Dahil sa ganitong mga dahilan tila mandin hindi nababatid na ang "masoneria" ay isang pagpapakasakit o pagpapahirap sa kalagayan ng isang tunay at marangal na Mason (sa ganitong pangyayari) nalilimutan na ang salawikain ng magiting na Bayani Andres Bonifacio, ang wika'y ..."ang pananalita ay isang sumpa," at dapat ding malaman na ang mapasok sa kapatirang ito ay hindi isang kaligayahan o pagpapayaman sa sarili o pagpapasasa sa tuwa at puri ng boong familia, dahil dito, pagsapit ng nauukol na pangangailangan ng tungkulin

Turn to page 32

## JAPAN GRAND MASTER IN THE PHILIPPINES

MW George K. Togasaki, PGM, Grand Lodge of Japan, and newly elected President of Rotary International, arrived in Manila on December 6, 1967 to visit some of the Rotary Clubs in the Philippines. He is the second oriental to head the international organization with Rotary Clubs all over the world.

In the evening of his arrival, he was guest of the Grand Lodge officers headed by MW Mariano Q. Tinio, Grand Master, at the Manila Polo Club. At the weekly luncheon on Thursday, Dec. 6, of the Manila Rotary Club, MW Togasaki was speaker and in the evening of the same day he was the guest speaker of the Davao Rotary Club. In Manila, the following day, he was guest at a party tendered by Past District Governors of Rotary in the Philippines.

MW Togasaki was Grand Master of the Grand Lodge of Japan in 1960-61 and presently is Grand Representative of the Grand Lodge of the Philippines near the Grand Lodge of Japan. In business, he is president of Fuji Tours International, one of the bigger tour operators in Japan, with branches and agencies in many parts of the world.

* * *

**PAANO . . .** From page 20

sa "masoneria" lilimuting lahat ang anomang "vicio at labag sa "moralidad." Bawat Mason dapat magkaroon ng katangian sa pagiging mabuting halimbawa ng isang Ama ng tahanan at ligtas sa mga gawain makakasagabal o makakapusiao na tulad ng pagiging masunurin sapagka (underson o under de saya) na siyang nagiging sanhi sa di pagtupad sa tungkuling pinanumpaan.

## FROM CATBALOGAN, SAMAR:

An important distinction given to a member of Mount Huraw Lodge is the appointment of Bro. Gonzalo Villarin, Jr. as comptroller of Hilton Hotel in Manila. He has just returned from a three-month tour of Hilton hotels in the Far East for observation and familiarization purposes.

---

In a limited pre-dawn fire last Nov. 14 that destroyed some six buildings in the commercial district of this provincial capital of Catbalogan, three members of Mount Huraw fell disconsolate victims when their buildings and businesses were eaten up by the merciless fire.

Bro. German T. Candari and all the members of the household went down their residence in night clothes, unable to save anything, even their valuables that were charred to ashes. Big stocks of IH machineries and spare parts displayed on the ground floor of their beautiful building also went up in smoke.

Bro. Florentino Uy Pitchin, one of the oldest in age and membership in this Lodge, also lost all his worldly belongings and a large amount of merchandise for shipment received a few hours before for the different consignees in town. Bro. Uy Pitchin is a shipping agent in Catbalogan.

Bro. Ricardo Lim is the third member of this Lodge who also suffered heavily when his bodega full of merchandise was burned.

*Teodorico Noble, PM, Secretary*

* * *

**ANTONINO . . .** From page 12

shall always hold in cherished remembrance the wonderful sacrifices he made for them.

"To live in the hearts of those you leave behind is not to die!"